

Gabay sa Impormasyon ng Mamimili –Pangkalahatang-ideya

Impormasyon para sa mga oras ng pagkawala at pagdadalamhati

Ito ay isang pangkalahatang-ideya ng aming libreng 24-na pahinang Gabay sa Impormasyon ng Mamimili ng BAO (BAO Consumer Information Guide) na makukuha sa aming pampublikong website. Ang gabay ay tumutulong sa iyo at sa iyong pamilya na gumawa ng may-kaalamang pagpili tungkol sa iyong mga opsyon at mga karapatan para sa punerarya, libing, kremasyon at alternatibong mga serbisyo ng pag-aayos. Ang buong gabay ay magagamit din sa naka-print, nang walang bayad, kung gusto mo ito sa pormat na iyon.

Ang buong gabay ay makukuha sa www.TheBAO.ca at espesipiko sa <https://thebao.ca/for-consumers/consumer-information-guide/>

Mas gusto ang isang naka-print na kopya? Mag-email sa amin ng iyong postal na adres sa CIG@TheBAO.ca.

Sino kami?

Kami ay nauukol sa proteksyon ng mamimili

Ang Bereavement Authority ng Ontario (BAO) ay isang itinalagang awtoridad ng pamahalaan at hindi pangkalakal na korporasyon na nangangasiwa sa mga probisyon ng Batas sa mga Serbisyo ng Punerarya, Paglilibing at Kremasyon, 2002 [Services Act, 2002 (FBCSA)] sa ngalan ng Ministryo ng Paghahatid at Pagkuha ng Serbisyo ng Publiko at Negosyo. Responsable para sa proteksyon ng interes ng publiko, kinokontrol ng BAO, tinitiyak ang pagsunod sa batas, nagbibigay ng mga mapagkukunan at mga serbisyo sa mga lisensyadong:

- Mga nagpapatakbo ng negosyo ng punerarya, mga direktor at mga paunang tagapagplano;
- Mga nagpapatakbo ng sementeryo, crematorium at alternatibong disposisyon;
- Mga nagpapatakbo ng serbisyo ng paglilipat; at
- Mga kinatawan ng sektor ng pagbebenta sa pangungulila sa buong Ontario.

Ang BAO ay ganap na pinopondohan ng mga bayad sa lisensya (hindi mga dolyar ng buwis).



Maaari mo ring
i-scan ang QE code
na ito:



Sa loob ng gabay

Makakakita ka ng impormasyon sa

- Ligal na awtoridad upang gumawa ng mga desisyon ng pangangalaga sa kamatayan
- Paglilipat ng isang namatay na tao
- Minimum na mga serbisyong kinakailangan
- Mga pagpipilian sa libing at memorial na serbisyo
- Libing
- Kremasyon
- Alkaline hydrolysis
- Pagkakalat ng mga abo ng na-cremate na tao
- 'Mga karapatan sa paglilibing' at maraming iba pang mga termino
- Mga kontrata ng serbisyo sa pangangalaga sa kamatayan
- Paunang pag-aayos o paunang pagbabayad para sa mga serbisyo sa pangangalaga sa kamatayan
- Paano protektado ang iyong paunang ibinayad na pera
- Paano gumawa ng isang reklamo
- At marami pang iba

Tingnan ang "Sa Loob ng Gabay na Ito" sa pahina apat, ng buong Gabay sa Impormasyon ng Mamimili.

Mga halimbawa ng impormasyon sa aming libreng gabay

Legal na awtoridad

Sino ang may ligal na awtoridad na gumawa ng mga pagpapasya? Sa pangkalahatan, ang (mga) tao na itinalaga bilang (mga) Tagapangasiwa ng Estate ay may legal na awtoridad na gumawa ng mga naturang desisyon. Narito ang isang hindi kumpletong listahan ng kung sino ang maaaring kumilos bilang legal na kinatawan: Ang tagapangasiwa ng estate, na tinawag din na isang tagapagpatupad o ehekutibo, na pinangalanan sa huling habilin (o isang tagapangasiwa na hinirang ng korte); asawa; mga anak na may sapat na gulang, 18 taong gulang o mas matanda at, mga magulang ng namatay.

Ang iyong mga opsyon

Ano ang ilang mga opsyon sa serbisyo ng paglilibing o pang-alaala? Ang pagdiriwang ng buhay ng isang tao ay nakakatulong sa naiwanang pamilya at mga kaibigan na nagdadalamhati sa pagkawala ng isang mahal sa buhay. Maaari kang pumili ng isang serbisyo ng libing, pang-alaala o libingan. Ang isang serbisyo ay maaaring pribado sa pamamagitan ng imbitasyon, o pampubliko. Ang iba pang mga pagpipilian ay ang magkaroon ng isang pampubliko o pribadong pagbisita/pagtingin, isang prusisyon sa libing, isang punerarya sa bahay at/o paglalamay sa bahay, o anumang iba pang marespetong panlipunan, tradisyonal, o kultural na ritwal.

Anong mga pagpipilian ang mayroon ako sa pangwakas na disposisyon ng aking katawan? Ang iyong mga opsyon ay libing, kremasyon, at alkaline hydrolysis (isang kemikal na proseso na nagpapaliit ng katawan sa likido at mga bahagi ng buto.) mga serbisyo sa libing, kabilang ang transportasyon, dokumentasyon kabilang ang pagpaparehistro ng kamatayan, at pangangalaga sa katawan. Ang mga serbisyo (maliban sa pag-embalsamo ng artery) ay maaari ring ibigay ng pamilya at mga kaibigan nang walang singil o bayad.

Karapatan mong makita ang presyo!

Ano ang dapat kong malaman bago pumirma ng kontrata? Tiyaking nakikipag-ugnayan ka sa isang lisensyadong negosyo o indibidwal. Maaari kang maghanap sa aming Pampublikong Rehistro, na makikita sa aming website. Tiyak na binigyan ka ng tagapagbigay ng serbisyo ng isang kopya ng listahan ng presyo nito at mga tuntunin sa sementeryo o crematorium, gaya ng iniaatas ng batas, bago pumirma ng isang kontrata. Kinakailangan din ng tagapagbigay ng serbisyo na ipaskil ang listahan ng presyo nito sa pampublikong website nito kasama ng kopya ng Gabay sa Impormasyon ng Mamimili ng BAO (BAO Consumer Information Guide). Ang mga taong naghahanap ng pampinansiyal na tulong ay hindi dapat pumirma ng isang kontrata dahil maaari silang gawin nitong hindi karapat-dapat para sa tulong at responsable para sa pagbabayad para sa kontrata.

Dapat ipaliwanag ng direktor ng punerarya o paunang tagapagplano ang lahat ng mga opsyon sa pagbabayad, mga karapatan sa pagkansela at mga karapatan sa pagbabalik ng bayad.

Matuto nang higit pa

Panlipunang tulong

Maaari kang mag-aplay sa iyong Rehiyonal na opisina ng Ontario Works para sa tulong kung wala kang sapat na pera upang magbayad para sa isang libing, serbisyo sa paglilipat, libing, alkaline hydrolysis o kremasyon. [Matuto nang higit pa dito.](#)


Matuto nang higit pa sa libreng Gabay sa Impormasyon ng Mamimili ng BAO:

Ang buong gabay ay makukuha sa www.TheBAO.ca and espesipiko sa <https://thebao.ca/for-consumers/consumer-information-guide/>

Mas gusto ang isang naka-print na kopya? Mag-email sa amin ng iyong postal na adres sa CIG@TheBAO.ca.

BAO | Bereavement
Authority of
Ontario

**Consumer
Information
Guide**



A Guide to Death Care in Ontario
Everything you need to know.

BAO | Bereavement
Authority of
Ontario

100 Sheppard Avenue East, Suite 505, North York, ON M2N 6N5
647-483-2645 • info@thebao.ca • www.thebao.ca